

Pa g l a l a p a t n g P a t a k a r a n

May bisa: Aug 12, 2022 [N a k a r a n g B e r s y o n](#)

Mahalaga ang iyong impormasyon at privacy - sa iyo at sa aming. Ipinapaliwanag ng patakaranang ito kung paano namin ginagamit ang iyong impormasyon at kung paano namin ito pinapanatiling ligtas. Pinakamahalaga, ipinapaliwanag nito ang mga desisyong magagawa mo anumang oras tungkol sa kung paano ginagamit ang iyong impormasyon.

Kailan nalalapit ang Patakaranang ito

Sinasaklaw ng Patakaran sa Privacy ng Cricket Wireless ("Patakaran") ang impormasyong nabubuo kapag gumagamit o nagsu-subscribe ka sa mga produkto, serbisyo, app, website, o network ng Cricket Wireless kung saan nakalink ang Patakaranang ito. Sa Patakaran, "Mga Produkto o Serbisyo" ang maikli naminagaw dito. Kabilang sa mga ito ang boses, data, mobile broadband, at ibang produkto, serbisyo, at app.

Nalalapit ang Patakaranang ito sa iyo at sa sinumang gumagamit ng aming Mga Produkto o Serbisyo sa ilalim ng account mo, maliban kung saan tinutukoy namin para sa iyo na may mga nalalapit na hiwalay na patakaran sa privacy o tuntunin at kundisyon ng Cricket o ng affiliate nito. Responsibilidad mong siguraduhin na nauunawaan at sumasang-ayon sa Patakaranang ito ang lahat ng user na gumagamit sa account mo.

Narito ang mga espesyal na sitwasyon kung saan maaaring hindi malapat o malalapit ang Patakaranang ito bilang karagdagan sa ibang patakaran:

- Ang ilan sa aming mga affiliate - gaya ng mga kumpanya ng AT&T - ay may mga sarili nilang patakaran sa privacy na nalalapit sa data na kinokolekta nila mula sa mga produkto, serbisyo, at app na ibinibigay nila. Ang anumang nakolektang data na napapailalim sa Patakaranang ito na ibinabahagi sa mga affiliate na iyon ay poprotektahan pa rin alinsunod sa Patakaranang ito.
- Ang ilang lugar sa loob at labas ng United States - halimbawa, California at ang European Union - ay nag-aatas sa aming

magpatupad ng iba't ibang tuntunin ng patakaran at paninindigan alinsunod sa mga lokal na batas.

- Sa ilang sitwasyon, kapag ginagamit mo ang iyong Mga Produkto o Serbisyo ng Cricket, maaaring mangolekta ng impormasyon ang iba pang kumpanya, kaya maaaring sabay na masaklaw ang iyong impormasyon ng Patakarang ito at ng iba pang patakaran sa privacy. Narito ang ilang halimbawa: kung bibili ka ng isa sa aming mga Produkto o Serbisyo mula sa isang retailer; kung gagamitin mo ang aming mga serbisyo upang kumonekta sa isang social networking na serbisyo o sa Wi-Fi network ng iba pang kumpanya; o kung ibibigay mo ang iyong impormasyon sa iba pang kumpanya sa pamamagitan ng isang co-branded na website, app, o serbisyong kinokontrol ng ibang kumpanya. Sa mga ganong sitwasyon, ang anumang impormasyon na ibibigay mo sa mga kumpanyang iyon ay maaaring mapailalim lang sa kanilang patakaran, o mapailalim sa kanilang at aming patakaran.
- Kung ikaw ay isang customer ng negosyo ng Cricket, maaaring mayroon kaming mga nakasulat na kasunduan sa Produkto o Serbisyo na naglalaman ng mga partikular na probisyon tungkol sa pagkakumpidensyal, seguridad, o pangangasiwang impormasyon. Kung maiiba o sasalungat sa Patakarang ito ang isa sa mga kasunduang iyon, ang mga tuntunin ng mga kasunduang iyon ang malalapat sa halip. Sa lahat ng iba pang pagkakataon, malalapat ang mga tuntunin ng Patakarang ito.

Ang impormasyong kinokolekta namin

Nangongolekta kami ng impormasyon tungkol sa iyo at kung paano mo ginagamit ang aming Mga Produkto o Serbisyo kasama ng impormasyon tungkol sa iyong mga device at kagamitan. Maaaring kabilang dito ang impormasyon ng performance, kasama ang impormasyon sa pag-browse sa web at lokasyon.

Narito ang mga detalyadong halimbawa ng mga uri ng impormasyong kinokolekta namin mula sa aming Mga Produkto o Serbisyo:

- Kabilang sa impormasyon ng account ang mga bagay na tulad ng impormasyon sa pakikipag-ugnayan at pagbabayad, mga detalye at kasaysayang nauugnay sa serbisyo at mga katulad na

impormasyon, kabilang ang Impormasyon sa Network na Pagmamay-aring Customer (Customer Proprietary Network Information). Kabilang din dito ang teknikal na impormasyon, impormasyon ng kagamitan, at impormasyon ng paggamit na nauugnay sa mga serbisyo, produkto, website at network na ibinibigay namin sa iyo.

- Kabilang sa impormasyon sa pag-browse sa web at app ang mga bagay na tulad ng mga website na binibisita mo o mga mobile app na ginagamit mo, sa loob o labas ng aming mga network. Kabilang dito ang mga internet protocol address at URL, pixel, cookies, at mga katulad na teknolohiya, at mga identifier gaya ng mga advertising ID at device ID. Maaring kabilang din dito ang impormasyon tungkol sa oras na ginugugol mo sa mga website o app, ang mga link o anunsiyong nakikita mo, termino sa paghahanap na inilalagay mo, bagay na natukoy sa mga online shopping cart mo, at iba pang katulad na impormasyon.
- Kabilang sa Impormasyon sa Kagamitan ang impormasyong tumutukoy o nauugnay sa kagamitan sa aming mga network, gaya ng uri, identifier, status, mga setting, configuration, software, o paggamit.
- Kabilang sa impormasyon sa performance at paggamit ng network ang impormasyon tungkol sa aming mga network, kabilang ang iyong paggamit ng Mga Produkto o Serbisyo o kagamitan sa mga network, at kung ano ang performance ng mga ito.
- Kabilang sa impormasyon ng lokasyon ang iyong address ng kalye, ZIP code, at kung nasaan ang device mo. Nabubuo ang impormasyon ng lokasyon kapag nakikipag-ugnayan ang mga device, Produkto, o Serbisyo sa mga cell tower, Wi-Fi router, serbisyo ng Bluetooth, o access point, iba pang device, beacon, at/o iba pang teknolohiya, kabilang ang mga GPS satellite.

Paano namin kinokolekta ang iyong impormasyon

Kinokolekta namin ang iyong impormasyon sa 3 paraan:

- Ibinibigay mo ito sa aming kapag bumili ka, nag-setup ka ng account, o direkta kang nakikipag-ugnayan sa aming.
- Awtomatiko namin makukuha ito kapag ginagamit mo, o ginagamit ng device mo, ang aming Mga Produkto o Serbisyo.

Halimbawa, gumagamit kami ng mga tool ng network upang mangolekta ng impormasyon gaya ng mga tala ng pagtawag at pag-text at impormasyon ng pag-browse sa web na inilalarawan namin sa Patakaranang ito.

- Kinukuha namin ito sa source sa labas tulad ng impormasyon ng credit, mga mailing list para sa marketing, at komersyal na available na impormasyon ng heograpiko at demograpiko, kasama ang iba pang available na impormasyon, gaya ng mga pampublikong post sa mga social networking site.

Paano namin ginagamit ang iyong impormasyon

Ginagamit namin ang iyong impormasyon upang pagana hin ang aming mga serbisyo at mapaganda ang mga karanasan mo. Ginagamit namin ang iyong impormasyon upang magbigay, sumuporta, magpahusay, magprotekta, magsuri, at maningil para sa aming mga produkto, serbisyo, at network; upang makipag-ugnayan sa iyo tungkol sa serbisyo, mga produkto, o mga app mo; upang ibenta ang aming mga serbisyo; upang matukoy at maiwasan ang panlo loko; para sa advertising; at para sa mga layunin ng pananaliksik.

Narito ang mga halimbawa ng mga paraan kung paano namin ginagamit ang impormasyon mo:

- Pagbibigay ng aming Mga Produkto at Serbisyo.
- Pakikipag-ugnayan sa iyo.
- Pagpapaganda ng iyong karanasan at pagprotekta sa Mga Produkto at Serbisyo ng iniaalok namin. Kabilang dito ang mga bagay gaya ng pangangalaga sa customer, seguridad ng network, pag-verify o pag-authenticate ng iyong pagkakakilanlan, pagtukoy at pag-iwas sa panlilinlang, paniningil, pagpapahintulot sa mga transaksyon at pag-develop ng Mga Produkto at Serbisyo sa hinaharap.
- Pagtulong sa aming planuhin, i-deploy, pahusayin, protektahan, at depensahan ang imprastruktura ng aming network, protektahan ang aming mga karapatan sa ari-arian at legal na karapatan, at para sa iba pang legal na layunin.
- Pag-unawa sa Mga Produkto, Serbisyo, at alok na maaaring pinakamagustuhan mo, at ng iba pang customer ng Cricket na tinatawagan, fine-text, at nakakaugnayan mo. Hindi namin

ginagamit ang content ng iyong mga text, email, o tawag para sa marketing o advertising.

- Paggawa ng mga nakakahikayat at naka-customize na karanasan at pag-aalok ng mga bago o pinahusay na Produkto at Serbisyo o alok. Nakabatay ito sa mga bagay gaya ng impormasyong nakolekta namin at aming pananaliksik, pag-develop, at pagsusuri.
- Pagdidisensyo at paghahatid ng mga campaign sa advertising at marketing sa iyo at sa iba pa, at pagsukat ng bisa ng mga ito. Tingnan ang Iyong Mga Opsyon at Kontrol sa Privacy para sa higit pang impormasyon tungkol sa kung paano ginagamit ang iyong impormasyon para sa mga programa sa advertising at marketing, at ang iyong mga opsyon at kontrol para sa naturang paggamit.
- Paghahatid o pagko-customize ng mga produkto at ng content na nakikita mo, kabilang ang mga anunsiyo, artikulo, video, at materyales para sa marketing.
- Paggawa ng mga pinagsama-samang insight sa negosyo at marketing, at pagtulong sa mga kumpanyang bumuo ng mga pinagsama-samang insight upang pahusayin ang kanilang negosyo (halimbawa, upang ibenta ang kanilang mga produkto at serbisyo).
- Para sa mga layuning panseguridad, kabilang ang pag-iwas at pagsiyasat sa mga ilegal na aktibidad at paglabag sa aming Mga Tuntunin ng Serbisyo, Mga Patakaran sa Paggamit, o iba pang kundisyon o paghihigpit sa serbisyo.

Paano namin ibinabahagi ang iyong impormasyon

- Ibinabahagi namin ito nang may pahintulot mo.
- Ibinabahagi namin ito sa iba't ibang affiliate na kumpanya.
- Ibinabahagi namin ito sa mga hindi affiliate na kumpanya o entity gaya ng ipinaliwanag sa Patakaran ng ito. Para sa higit pang detalye tungkol sa kung paano maaaring ibinabahagi ang iyong impormasyon para sa advertising at marketing, basahin ang Iyong Mga Opsyon at Kontrol sa Privacy.

Pagbabahagi ng impormasyon sa iba't ibang affiliate: Ang Cricket ay isang

kumpanya ng AT&T at ibinabahagi namin ang iyong impormasyon sa AT&T at iba pang kumpanya sa pamilya ng AT&T para sa iba't ibang layunin, kabilang ang pagbebenta sa iyo ng Mga Produkto at Serbisyo. Nag-aalok na sa iyo ang Cricket ng ilang partikular na opsyon at kontrol tungkol sa [Marketing at Advertising](#). Inaatasan ang aming mga affiliate na sundin ang iyong mga napiling opsyon at kontrol upang magamit ang impormasyon na maari nilang matanggap mula sa Cricket para sa kanilang mga layunin sa advertising o marketing. Kung isa ka ring customer ng AT&T, kapag gumawa ka ng desisyon alinsunod sa Patakaran ng ito, hindi mababago ang anumang kasalukuyang desisyon na maaaring ginawa mo nang hiwalay sa AT&T. Para sa impormasyong makokolekta sa ilalim ng Patakaran ng ito, inaatasan namin ang affiliate na gamitin, ibahagi, at protektahan ang impormasyon nang alinsunod sa Patakaran ng ito, kabilang ang pagkilala sa mga kagustuhan mo sa pakikipag-ugnayan para sa first-party na marketing ng kanilang mga produkto at serbisyo, iyong mga pahintulot sa advertising, at iyong California Data Right. Maari din namin pagsamahin ang impormasyon mula sa iyong Mga Produkto o Serbisyo sa Cricket na nagbibigay ng personal mong pagkaka kilanlan gamit ang data mula sa isang app o affiliate na may ibang patakaran sa privacy. Kapag ginawa namin iyon, nalalapat ang aming Patakaran sa pinagsamang hanay ng data.

Pagbabahagi ng impormasyon sa mga hindi affiliate na kumpanyang nagbibigay ng mga serbisyo para sa amin o para sa iyo: Nagbabahagi kami ng impormasyon na nagbibigay ng personal mong pagkaka kilanlan sa mga vendor na nagsasagawa ng mga serbisyo para sa amin o sumusuporta sa Mga Produkto o Serbisyo ng ibinibigay sa iyo, kabilang ang mga serbisyo sa marketing o paghahatid ng ad. Hindi kami nangangailangan ng pahintulot para magbahagi sa aming mga vendor para sa mga layuning ito. Hindi namin pinahihintulutan ang mga vendor na iyon na gamitin ang iyong impormasyon para sa anumang layunin maliban sa pagsasagawa ng mga serbisyo ng iyon, at inaatasan namin silang protektahan ang pagkakumpidensyal at seguridad ng data na kinukuha nila sa amin sa paraang naaayon sa Patakaran ng ito.

Pagbabahagi ng impormasyon sa mga hindi affiliate na kumpanya para maisagawa ang Pagberipika ng Pagkaka kilanlan sa iyo: Puwede kami magbahagi ng impormasyon sa mga hindi kaanib na kumpanya para sa mga layunin nila para makapagbigay sa iyo ng mga serbisyo gaya ng pag-verify o

pag-authenticate sa iyong pagkakakilanlan, pag-detect ng panloko, pagprotekta sa iyong mga pinansyal na account, at pagpapahintulot sa mga transaksyon. Hindi namin pinahihintulan ang mga hindi kaanib na kumpanyang iyon na gamitin ito para sa anumang layunin maliban sa pagsasagawa ng mga serbisyong iyon, at inaatasan namin silang protektahan ang pagkakumpidensyal at seguridad ng data na kinukuha nila sa amin sa paraang alinsunod sa Patakaran ng ito. May kontrol ka sa pagbabahaging ito at maaaring mag-opt out sa pamamagitan ng pag-text ng "STOP" ("TUMIGIL") sa 8010 o pag-text ng "RESUME" ("MULING SIMULAN") upang muling umpisahan ang pagbabahagi sa anumang oras.

Pagbabahagi ng impormasyon sa iba pang hindi affiliate na kumpanya o entity: May mga pagkakataon din na nagbibigay kami ng impormasyong nagbibigay ng personal mong pagkakakilanlan sa iba pang kumpanya at entity, gaya ng mga ahensya ng pamahalaan, nang walang pahintulot mo, ngunit ipinahintulot o iniatas ng batas. Kabilang sa mga dahilan sa pagbabahagi ang:

- Pagsunod sa mga utos ng hukuman, subpoena, legal na kahilingan sa pagsisiyasat, at kung ipinahintulot o iniatas ng batas. Gaya ng lahat ng kumpanya, inaatasan kami ng batas na magbigay ng impormasyon sa mga ahensya ng pamahalaan at tagapagpatupad ng batas, pati na rin sa mga partido sa mga kasong sibil. Maaari mong malaman ang higit pa tungkol dito sa aming [Ulat sa Transparency](#).
- Pagtukoy at pag-iwas sa panlilingang.
- Pagbibigay o pagkuha ng bayad para sa iyong serbisyo.
- Pagruruta ng iyong mga tawag o iba pang pakikipag-ugnayan.
- Pagtitiyak ng mga pagpapatakbo at seguridad ng network.
- Pag-aabiso, pagtugon, o pagbibigay ng impormasyon (kabilang ang impormasyon ng lokasyon) sa isang responsable ng entity ng pamahalaan kung may emergency, o sa mga sitwasyon kung saan may agarang panganib ng pagkamatay o malubhang pinsala.
- Pag-alerto sa National Center for Missing and Exploited Children tungkol sa impormasyong may kinalaman sa child pornography na malalaman namin sa pamamagitan ng pagbibigay sa aming mga serbisyo.

- Pagpapatupad ng aming mga legal na karapatan, pagprotekta sa aming network at ari-arian, o pagtanggol laban sa mga legal na paghahabol.
- Pagbibigay ng impormasyon ng pangalan at numero para sa wireless caller ID at mga nauugnay na serbisyo. Ibig sabihin nito na makikita ng taong tumatanggap ng tawag ang pangalan at numero ng tumatawag.

Pagbabahagi ng Mga Ulat ng Sukatan sa mga hindi affiliate na kumpanya: Minsan, direktang nauugnay sa iba pang negosyo ang mga serbisyo ng ginagamit mo mula sa amin. Halimbawa, maaaring bayaran kami o ang aming mga affiliate ng isang advertiser upang maghatid ng anunsyo, o ng isang customer ng negosyo upang bigyan ng serbisyo ang empleyado nito. O, kami o ang aming mga affiliate ay maaaring mangolekta ng impormasyon, kabilang ang data ng lokasyon at pag-browse sa web, mula sa mga bisita sa mga site kung saan maaaring magbigay kami o ang aming mga affiliate ng mga serbisyo sa Wi-Fi. Maaari kaming gumamit o magbahagi ng impormasyong hindi nagbibigay ng personal mong pagkakakilanlan upang magbigay ng mga ulat ng sukatan sa aming mga customer ng negosyo at supplier ng serbisyo. Maaari din namin itong ibahagi sa advertising at sa iba pang kumpanya upang ihatid o tasahin ang bisa ng mga campaign sa advertising at marketing.

Pagbabahagi ng impormasyon para sa pananaliksik: Maaari kaming magbahagi ng impormasyong hindi nagbibigay ng personal mong pagkakakilanlan sa iba pang kumpanya at entity para sa pananaliksik. Kapag ibinahagi namin ang impormasyong ito, inaatasan namin ang mga kumpanya at entity na sumang-ayong hindi subukan o payagan ang ibang gamitin ito upang tumukoy ng mga indibidwal. Pipigilan din ng aming mga kasunduan ang mga negosyong gamitin muli o ibenta muli ang impormasyon, at aatasan ang mga itong aming mga kasunduan na pangasiwaan ito sa secure na paraan, alinsunod sa Patakarang ito.

Pagbabahagi ng Mga Pinagsama-samang Insight: Maaari kaming magbahagi sa mga third party ng mga insight tungkol sa mga pagpapatakbo, network, o serbisyo ng Cricket na kinuha mula sa pinagsama-samang data ng customer (data na ipinangkat upang hindi maibigay ang personal mong

pagkaka kilanlan).

Pagbabahagi ng impormasyon sa mga affiliate at hindi affiliate na kumpanya para sa mga programa sa advertising at marketing: Maaari kami magbahagi ng impormasyon sa mga affiliate at hindi affiliate na kumpanya upang maghatid o magtasa ng bisa ng mga campaign sa advertising at marketing gaya ng inilalarawan sa seksyong Iyong Mga Opsyon at Kontrol sa Privacy.

Pagbabahagi ng impormasyon upang suportahan ang mga serbisyo sa lokasyon: Ang mga serbisyo sa lokasyon ay umaasa sa, ginagamitang, o isinasama ang lokasyon ng isang device upang ibigay o pagandahin ang serbisyo. Maaaring mangolekta at gumamit o magbahagi ng impormasyon ng lokasyon ang mga serbisyo sa lokasyon upang magpagana ng mga application sa iyong device (ang mga naka-preload o pinili mong i-download), gaya ng mga app sa pagmamapa o trapiko, o iba pang serbisyo ng lokasyon kung saan ka naka-subscribe. Hindi ibabahagi ng Cricket ang impormasyon ng iyong lokasyon para sa mga serbisyo ng lokasyon nang walang pahintulot mo (sa amin o sa kumpanyang nagbibigay sa iyo ng serbisyo), maliban kung iniaatas ng batas. Kung bibili ka ng mga serbisyo sa lokasyon mula sa iba pang kumpanya, gaya ng medical alerting device, ang paggamit o paghahayag ng impormasyon ng lokasyon ay mapapailalim sa kasunduan sa pagitan mo at ng service provider, kabilang ang anumang naaangkop na patakaran sa privacy ng service provider, at hindi ito mapapailalim sa Patakang Ito. Sa iba pang sitwasyon - halimbawa, ang mga serbisyo sa mga kontrol ng magulang - maaaring magpasimula o mag-subscribe sa mga serbisyo sa lokasyon at magbigay ng kinakailangang pahintulot ang may-aring account para sa mga serbisyo sa lokasyon, sa halip na isang user.

Iyong Mga Opsyon at Kontrol sa Privacy

Maaari mong pamahalaan ang iyong mga opsyon sa privacy tungkol sa kung paano kami makikipag-ugnayan sa iyo at kung paano namin ibabahagi o gagamitin ang impormasyon mo. May mga pagpipilian ka rin tungkol sa kung paano ginagamit ng ilang partikular na third party at advertiser ang iyong impormasyon, kabilang ang paraan ng paggamit at pagbabahagi namin sa impormasyon mo para sa advertising, marketing, at analytics.

Mga kagustuhan sa pakikipag-ugnayan

Minsan, may mga alok o programa kami na maaring interesante para sa iyo. Gusto naming masabihan ka tungkol sa mga ito. Mapapamahalaan mo kung paano namin ito gagawin. Maaari kang mag-opt out sa mga programa sa marketing at advertising, ngunit maaari pa rin kaming makipag-ugnayan sa iyo sa pamamagitan ng mga mensaheng panserbiyo at hindi pang-marketing.

- Email: Upang mag-opt out sa mga pang-marketing na email, maaari kang mag-click sa [Mga Opsyon at Kontrol ng Customer - Email](#) o i-click ang link na mag-unsubscribe sa mga pang-marketing na email.
- Mga text message: Mag-opt-out sa Cricket marketing na mga text message tungkol sa mga produkto at serbisyo ng Cricket ("Mga Cricket Marketing Text") sa pamamagitan ng pag-reply ng "stop" ("tumigil") sa mga message na iyon. Kung nag-opt-in ka sa mga Cricket marketing text message tungkol sa mga produkto at serbisyo ng ikatlong partido ("Mga Marketing Text ng Ikatlong Partido") at gustong mag-opt-out, maaari ka ring mag-reply ng "stop" ("tumigil") sa mga message na iyon o pamahalaan ito sa iyong online account sa [cricketwireless.com](#). Maaari ka ring mag-opt-out sa mga ganitong uri ng mga marketing message sa [Mga Opsyon at Kontrol ng Customer - Mga Cricket Marketing Text at/o Mga Pagpipilian at Kontrol ng Customer - Mga Marketing Text ng Ikatlong Partido](#). Kung iniaatas o pinapayagan ng batas, kahit na mag-opt out ka, maaari kaming magpatuloy na makipag-ugnayan sa iyo sa pamamagitan ng mga naka-automate na mensahe sa numero ng teleponong inisyu sa amin para sa impormasyong panserbiyo at hindi pang-marketing tungkol sa iyong serbisyo. Halimbawa, maaari ka naming paalalahanan tungkol sa mga feature ng plano mo o maaring kailanganin naming ipalam sa iyo ang tungkol sa isang problema sa iyong wireless na serbisyo.
- Telemarketing sa consumer: Hilinging maalis sa aming mga listahan ng telemarketing sa consumer sa pamamagitan ng pagpapadala ng email sa [privacypolicy@cricketwireless.com](#), o pagsulat sa amin sa Cricket Privacy Policy, 1025 Lenox Park Blvd. NE, Atlanta, GA 30319. Maaari mo ring hilingin sa kinatawan ng Cricket na alisin ka sa aming mga listahan ng telemarketing kapag nakatanggap ka ng pang-marketing o pampromosyong tawag mula sa

amin. National Do Not Call Registry: Nagpapangatili ang FTC ng National Do Not Call Registry sa [donotcall.gov](https://www.donotcall.gov), aat maaring magpangatili ng sarili nilang Do Not Call Registry ang ilang estado sa United States. Kapag inilagay mo ang iyong numero sa mga registry na ito, maari ding malimitahan ang aming mga pang-telemarketing na tawag.

- Mga naka-automate na mensahe: Sa ilang sitwasyon, hihilingin namin ang iyong pahintulot na padalhan ka ng mga naka-automate na tawag o mensahe sa iyong mobile phone. Upang mag-opt out sa mga tawag o mensaheng ito mula sa amin, pumunta sa [Mga Opsyon at Kontrol ng Customer](#). Kung iniatas o pinapayagan ng batas, kahit na mag-opt out ka, maari kaming magpatuloy na makipag-ugnayan sa iyo sa pamamagitan ng mga naka-automate na mensahe sa numero ng teleponong inisyu sa amin para sa ilang partikular na mahahalagang mensaheng nagbibigay ng impormasyon tungkol sa iyong serbisyo. Halimbawa, maaring kailanganin namin ipaalam sa iyo ang tungkol sa isang problema sa iyong wireless na serbisyo.
- Postal mail: Upang limitahan ang pangangalap sa postal mail, maari kang mag-opt out sa [Mga Opsyon at Kontrol ng Customer - Postal Mail](#). Makakatanggap ka pa rin ng mga legal na abiso, update sa produkto, at iba pang katulad na pakikipag-ugnayan, at maari ka pa ring makatanggap ng ilang pampromosyong pakikipag-ugnayan.

Mga opsyon sa paraan ng paggamit at pagbabahagi namin sa impormasyon mo para sa advertising, marketing, at analytics

May mga opsyon ka tungkol sa kung gagamitin o ibabahagi ang impormasyon mo sa aming mga programang nagbibigay sa iyo ng marketing at advertising na nakaangkop sa iyong mga interes at para sa pinagsama-samang analytics. Bilang provider mo ng mga serbisyo sa pakikipag-ugnayan at internet, ang aming pagkolekta at paggamit ng impormasyon sa maraming sitwasyon ay hiwalay na gumagana sa mga kontrol at setting ng user sa iyong device, sa pamamagitan ng iyong operating system, o sa mga website o app ng third party.

Advertising na batay sa gawi online: Ang advertising na batay sa gawi online

ay naka-automate at naka-customize na advertising na nakikita mo kapag gumagamit ka ng mga online na serbisyo, gaya ng mga ad sa mga mobile app o website. Inihahatid sa iyo ang mga ad na iyon batay sa mga konklusyon tungkol sa mga interes mo. Tinutukoy ng Cricket o ng iba pang partido ang mga interes na iyon mula sa data na nakolekta tungkol sa iyo.

- Nakikipagtulungan kami sa mga kumpanya ng ad na maaaring maghatid ng mga ad para sa amin, at sa iba, sa lahat ng paggamit mo ng mga online na serbisyo. Maaaring gumamit ang mga kumpanyang ito ng cookies, identifier ng advertising sa mobile, at iba pang teknolohiya upang magmangolekta ng impormasyon tungkol sa paggamit mo ng aming mga website at app at iba pang website at app. Kabilang sa iba pang bagay, maaaring gamitin ang impormasyong ito upang magsuri at magsubaybay ng mga online na aktibidad, at maghatid ng mga ad at content na nakaangkop sa mga interes mo bilang bahagi ng aming mga programa sa advertising, gaya ng May Kaugnayang Advertising.

Maaari kang mag-opt out sa advertising na batay sa gawi online mula sa mga kumpanyang lumalahok sa [Digital Advertising Alliance](#) sa pamamagitan ng pagpunta sa kanilang [Page ng Opsyon ng Consumer](#) o sa pagpili sa icon na ito kapag nakita mo ito sa isang online ad. Upang malimitahan ang pagkolekta ng data sa mga website na maaaring gamitin para sa advertising, maaari mong pamahalaan ang cookies sa iyong computer. Upang matuto pa tungkol sa pagkontrol ng cookies, bisitahin ang <http://www.AboutCookies.org>. Kung magpapalit ka ng mga computer, device, web browser, o magde-delete ka ng cookies, kakaailanganin mong mag-opt out muli sa advertising na batay sa gawi online. Pakitandaan na hiwalay na gumagana ang pagkolekta namin ng impormasyon ng pag-browse sa web sa mga setting ng privacy ng iyong web browser kaugnay ng cookies at pribadong pag-browse. Bukod pa rito, kasalukuyan kaming hindi tumutugon sa Do Not Track at mga katulad na signal.

May Kaugnayang Advertising: Gumagamit ang May Kaugnayang Advertising ng impormasyon upang maghatid ng mga ad na sa palagay namin ay kailangan mo sa mga website, app, at iba pang ari-arian, site, o serbisyo. Ginagamit ang programang ito upang iangkop ang mga ad na nakikita mo upang tumugma sa mga interes mo. Hindi ka nito binibigyan ng higit pang

advertising - ginagawa lang nitong mas malamang na nauugnay sa iyo ang mga ad na nakikita mo. Kung ayaw mong makatanggap ng May Kaugnayang Advertising, maaari kang mag-opt out sa pamamagitan ng pagpunta sa [Mga Opsyon at Kontrol ng Customer](#).

- Impormasyong ginagamit namin para sa May Kaugnayang Advertising: Sa programang ito, gumagamit kami ng impormasyon tungkol sa paggamit mo ng aming mga produkto o serbisyo, impormasyong kinukuha namin mula sa mga kumpanya gaya ng aming mga partner sa advertising, at demograpikong impormasyon gaya ng ZIP code at hanay ng edad upang ihatid o suriin ang bisa ng mga campaign sa advertising at marketing. Ginagamit namin ang impormasyong kinokolekta namin tungkol sa iyo, gaya ng panonood mo sa TV, lokasyon mo, o impormasyon tungkol sa mga app na ginagamit mo o mga website na binibisita mo upang ilagay ka sa mga kategorya ng demograpiko o interes gaya ng “tagahanga ng sports” o “mahilig sa kape.” Hindi kami gumagamit o nagbabahagi ng sensitibong impormasyon gaya ng mga medikal na kundisyon o diagnosis o talaan ng pinansyal na account upang mag-target ng mga ad. Hindi namin ginagamit o ibinabahagi ang content ng iyong mga text, email, o tawag para sa marketing at advertising. Hindi rin namin ginagamit o ibinabahagi ang impormasyong ibinibigay mo sa mga naka-encrypt na website.
- Impormasyong ibinabahagi namin sa May Kaugnayang Advertising: Maaari kaming magbahagi ng hindi sensitibong impormasyon, gaya ng impormasyon ng iyong device, impormasyon mula sa mga kumpanya gaya ng aming mga partner sa advertising, at demograpikong impormasyon gaya ng hanay ng edad, kasarian, at ZIP code mo. Maaari naming ibahagi ang impormasyong ito sa mga third party, gaya ng mga advertiser, programa at network, social media network, analytics firm, ad network, at iba pang katulad na kumpanyang may kinalaman sa paggawa at paghahatid ng mga anunso. Kapag ibinabahagi namin ang impormasyong iyon, pinagsasama namin ito sa isang identifier gaya ng isang device o ad ID (gaya ng Apple o Android Ad ID).

- Impormasyong hindi namin ibinabahagi sa May Kaugnayang Advertising; Hindi kami nagbabahagi ng impormasyon tungkol sa iyong indibidwal na pag-browse sa web. Hindi rin namin ibabahagi ang tumpak na lokasyon ng iyong device, [Impormasyon sa Network na Pagmamamay-aring Customer](#), buong petsa ng kapanganakan, impormasyon ng credit card, o numero ng lisensya sa pagmamaneho. Kapag nagbabahagi kami ng impormasyon sa mga third party, hindi namin ibabahagi ang pangalan mo o hindi ka namin itutukoy gamit ang anumang maliban sa isang identifier, gaya ng device o ad ID.

External na Marketing at Analytics:

Maaari kaming gumamit o magbahagi ng impormasyong hindi nagbibigay ng personal mong pagkakakilanlan upang matulungan ang aming mga customer na negosyo na bumuo ng mga pinagsama-samang insight na makakapagpahusay ng kanilang mga negosyo. Maaaring pagsamahin ang impormasyong ito sa iba pang impormasyon, gaya ng demograpikong impormasyon o identifier gaya ng device ID o Ad ID. Inaatas namin na gamitin lang ang impormasyon mo upang bumuo ng mga pinagsama-samang insight na tutulong na magpahsusay ng mga produkto at serbisyo. Bukod pa rito, inaatasan din namin ang sinumang tatanggap ng data na ito na sumang-ayon na gagamitin lang nila ito para sa mga pinagsama-samang insight, na hindi nila susubukang tukuyin ang sinumang tao o device gamit ang impormasyong ito, at papangasiwaan nila ang impormasyon sa secure na paraan, alinsunod sa Patakaran ng ito.

Kung ayaw mong maisama ang impormasyon mo sa External na Marketing at Analytics, maaari kang mag-opt out sa pamamagitan ng pagpunta sa [Mga Opsyon at Kontrol ng Customer](#).

Iba Pang Opsyon

- Impormasyon sa Network na Pagmamamay-aring Customer: Maaari kang [mag-opt-out](#) o pumunta sa [Mga Opsyon at Kontrol ng Customer](#) para sa higit pang impormasyon tungkol sa Impormasyon sa Network na Pagmamamay-aring Customer at mga opsyon mo tungkol sa

paggamit namin ng impormasyong iyon para sa mga layunin sa marketing.

- Cricket Call Defense: Naka-enable ang Cricket Call Defense sa iyong device kung may kakayahan sa HD Voice ang device mo. Tumutulong ang produktong itong awtomatikong mag-block ng mga potensyal na panlolokong tawag, at aabisuhan ka nito tungkol sa mga pinaghihinalang spam na tawag kung nasa lugar ka na nasa saklawang HD Voice. Maaari kang mag-opt out sa serbisyong ito sa pamamagitan ng pag-log in sa My Account online o sa myCricket app upang i-disable ang Cricket Call Defense sa mga setting mo.

Seguridad

Nagsisikap kaming pag-ingatan ang data mo gamit ang iba't ibang teknolohikal at pang-organisyong kontrol sa seguridad.

Pinapanatili at pinoprotektahan namin ang seguridad ng storage ng computer at kagamitan sa network, at gumagamit kami ng mga pamamaraan sa seguridad kung saan kinakailangan ng mga empleyado na i-authenticate ang mga sarili nila upang mag-access ng sensitibong data. Nililimita rin namin ang access sa personal na impormasyon sa mga may trabaholang nangangailangan sa naturang access. Kinakailangan namin na i-authenticate ng mga tumatawag at online na user ang kanilang mga sarili bago magbigay ng impormasyon ng account.

Gayunpaman, walang perpektong panseguridad na hakbang. Hindi namin maigagarantiyang hindi kailanman maihahayag ang iyong impormasyon sa hakbang na hindi alinsunod sa Patakaran ng ito. Kung magkakaroon ng paglabag, aabisuhan ka namin gaya ng iniaatas ng naaangkop na batas.

Storage, paglipat, pagpapanaatili, at katumpakan ng data

Gumagawa kami ng mga hakbang upang matiyak na pinoproseso ang data alinsunod sa Patakaran ng ito at sa mga kinakailangan ng naaangkop na batas ng iyong bansa at ng mga karagdagang bansa kung saan sunod na ipinoproseso ang data.

Ang data na kinokolekta namin ay maaaring iproseso at i-store sa United States o sa iba pang bansa kung saan kami o ang aming mga affiliate o service

provider nagpoproseso ng data.

Kapag nagpapadala kami ng personal na data mula sa European Economic Area patungo sa ibang bansa, gumagamit kami ng iba't ibang legal na mekanismo upang makatulong na matiyak na patuloy na napoprotektahan ng lahat ng naaangkop na batas, karapatan, at regulasyon ang iyong data.

Pinapanatili namin ang iyong impormasyon hangga't kinakailangan namin ito para sa negosyo, pagbubuwis, o para sa batas. Pagkatapos nito, sinisira namin ito sa pamamagitan ng pagtiyak na hindi na ito mababasa o maiintindihan.

Kailangan mo bang i-update ang impormasyon mo? Ikinalulugod namin tulungan kang suriin at iwasto ang impormasyon na mayroon kami tungkol sa mga tala ng iyong account. Para sa higit pang impormasyon, pakitingnan ang seksyong [Makipag-ugnayan sa amin](#) sa Patakaran ng ito.

Iba pang impormasyon tungkol sa privacy

Mga pagbabago sa pagmamay-ari o sa Patakaran

Maaaring ibahagi at ilipat ang impormasyon tungkol sa aming mga customer at user, kabilang ang impormasyong nagbibigay ng personal mong pagkakakilanlan, bilang bahagi ng anumang merger, pagkuha, pagbebenta ng mga asset ng kumpanya, o paglilipat ng serbisyo sa ibang provider.. Nalalapat din ito sa napakabihirang sitwasyon ng insolvency, bankruptcy, o receivership.

Maaari naming i-update ang Patakaran ng ito kung kinakailangan upang isaad ang mga pagbabagong gagawin namin at upang matugunan ang mga kinakailangan ng batas. Aabisuhan ka namin sa pamamagitan ng text message, email, o magpo-post kami ng abisong madaling makita tungkol sa mahahalagang pagbabago sa www.crickezwireless.com. Bibigyan ka namin ng makatuwirang abiso bago magkabisa ang anumang mahalagang pagbabago.

Impormasyong partikular sa mga bata

Hindi kami sadyang nangongolekta ng impormasyong nagbibigay ng personal na pagkakakilanlan mula sa sinumang wala pang 13 taong gulang.. Maliban

na lang kung may pahintulot kami ng magulang, hindi kami makikipag-ugnayan sa isang batang wala pang 13 taong gulang para sa layunin sa marketing. Kami at ang aming mga partner sa advertising ay maaring mangolekta, gumamit o magbahagi ng impormasyon tungkol sa mga customer na magla-log in sa aming mga website gaya ng inilalarawan sa mga seksyon ng Patakaran ito tungkol sa impormasyong kinokolekta namin, paano namin ginagamit ang iyong impormasyon, paano namin ginagamit ang iyong impormasyon at paano namin ibinabahagi ang iyong impormasyon. [Narito](#) ang opsyong mag-opt out sa advertising na batay sa gawi online na isinasagawang mga partner sa advertising na nangongolekta ng impormasyon mula sa aming mga site at lumalahok sa Digital Advertising Alliance.

Ituturing bilang impormasyon ng nasa hustong gulang sa ilalim ng Patakaran ito ang impormasyong nakolekta sa mga device o serbisyong binili ng mga subscriber na nasa hustong gulang na ginagamit ng mga bata nang hindi namin nalalaman.

Maaari kang mag-email sa amin sa privacypolicy@cricketwireless.com o sumulat sa amin sa Cricket Privacy Policy, 1025 Lenox Park Blvd. NE, Atlanta, GA 30319 para sa anumang tanong o alalahanin na maaring mayroon ka tungkol sa aming patakaran sa privacy tungkol sa kaugnayan nito sa mga bata.

Bumuo ang aming affiliate ng mga tool para sa kaligtasan at kontrol, pang-ekspertong resource, at tip na idinisenyo upang matulungan kang pamahalaan ang mga opsyon sa teknolohiya at tumugon sa mga alalahanin sa kaligtasan online. Pumunta sa [AT&T Screen Ready](#) para sa higit pang impormasyon.

Ang Iyong Mga Karapatan sa Privacy sa Nevada

May Bisa Oktubre 1, 2021

Sumusunod kami sa mga iniaatas ng [Batas sa Privacy ng Nevada](#), na nagbibigay sa mga residente ng mga opsyon kaugnay sa kung paano kami nagbabahagi ng impormasyon.

Kabilang sa Saklaw na Personal na Impormasyon sa Nevada ("Nevada PI") ang impormasyong nagbibigay ng personal na pagkaka kilanlan tungkol sa isang

consumer sa Nevada na kinolekta online, tulad ng pantukoy na magagamit upang makaugnayan ang partikular na indibidwal. Kabilang din sa Nevada PI ang anupamang impormasyon tungkol sa isang consumer sa Nevada na kinolekta online na magagamit kasama ang isang identifier upang matukoy ang partikular na indibidwal.

Ang Nevada PI na Kinokolekta at Ibinabahagi Namin

Para sa impormasyon tungkol sa mga kategorya ng Nevada PI na kinokolekta namin, pakitingnan ang seksyon ng Patakaran ito tungkol sa impormasyong kinokolekta namin.

Bukod pa rito, para sa impormasyon tungkol sa mga kategorya ng mga third party na maaari naming bahagian ng Nevada PI, at na maaaring mangolekta ng Nevada PI tungkol sa iyong mga online na aktibidad sa kalaunan, pakitingnan ang seksyon ng Patakaran ito tungkol sa kung paano namin ibinabahagi ang iyong impormasyon.

Ang Iyong Mga Karapatan sa ilalim ng Batas sa Privacy sa Nevada

Maaari mong hilingin sa amin na huwag ibenta ang iyong Nevada PI sa pamamagitan ng pagbisita sa aming page na [Huwag Ibenta](#) o sa pamamagitan ng pakikipag-ugnayan sa amin sa 844-246-1628.

Kapag natanggap at nakumpirma na namin ang iyong kahilingan, hindi namin ibebenta ang impormasyong ito maliban na lang kung sa kalaunan ay pahihintulutan mo kaming gawin iyon.

Ang Iyong Mga Karapatan sa Privacy sa California at Iba pang Impormasyon para sa mga customer namin sa California

Pagkolekta ng data ng website: Hindi namin sadyang pinahihintulutan ang iba pang partido na mangolekta ng impormasyong nagbibigay ng personal na pagkaka kilanlan tungkol sa mga aktibidad mo online sa kalaunan at sa iba't-ibang website ng third party para sa sarili nilang paggamit, kapag ginagamit mo ang aming mga website at serbisyo, maliban na lang kung mayroon kaming pahintulot mo.

Abiso na Do Not Track:: Kasalukuyan kaming hindi tumutugon sa Do Not Track

at mga katulad na signal. Pumunta sa [Lahat ng Tungkol sa Do Not Track](#) para sa higit pang impormasyon.

May [karapatan](#) ang mga customer sa California, sa ilang partikular na sitwasyon, na humiling ng impormasyon tungkol sa kung naghayag ang isang negosyo ng personal na impormasyon sa anumang third party para sa kanilang mga direktang layunin sa marketing. May karapatan kang mag-opt out sa paghahayag namin ng impormasyon mo sa mga third party para sa kanilang mga layunin sa marketing. Kung may mga tanong ka, maaari kang makipag-ugnayan sa amin sa privacypolicy@cricketwireless.com o sumulat sa amin sa Cricket Privacy Policy, 1025 Lenox Park Blvd. NE, Atlanta, GA 30319.

California Consumer Privacy Act (CCPA, Batas sa Pagkapribado ng Consumer sa California)

Ang CCPA Personal Information (CCPA PI, Personal na Impormasyon) ay binibigyang-kahulugan ng batas ng California bilang impormasyong tumutukoy, nauugnay sa, naglalarawan, maaaring iugnay sa, o maaaring makatuwirang iugnay sa, nang direkta o hindi direkta, sa mga consumer o sambahayan ng California..

Ang Impormasyong Kinokolekta at Ibinabahagi Namin

Gusto naming bigyan ang aming mga customer ng impormasyong kailangan nila upang magamit ang kanilang mga karapatan sa kanilang CCPA PI. Narito ang impormasyon tungkol sa CCPA PI na aming kinolekta mula sa at ibinahagi tungkol sa mga consumer sa nakaraang taon.

Ang Impormasyong Kinolekta Namin Mula Sa Mga Consumer

May tinutukoy ang CCPA na ilang kategorya ng CCPA PI. Sa taon bago ang petsa ng paglalabas ng Patakaranang ito, kinolekta namin ang mga kategoryang ito ng CCPA PI:

- Address at iba pang identifier - gaya ng pangalan, postal address, email address, pangalan ng account, o iba pang katulad na identifier.

- Mga natatangi at online na identifier - IP address, mga device ID, o iba pang katulad na identifier.
- Pangkomersyong impormasyon - gaya ng mga produkto o serbisyo ng binili, na kuha, o isinalang-alang, o iba pang kasaysayan o gawisa pagbili o pagkonsumo.
- Impormasyon ng aktibidad sa internet o iba pang elektronikong network - gaya ng history sa pag-browse, kasaysayan ng paghahanap, at impormasyon tungkol sa pakikipag-ugnayan ng isang indibidwal sa website, aplikasyon, o anunsyo sa internet.
- Footage ng Video (hal., CCTV); Mga Recording ng Audio.
- Impormasyon ng Lokasyon.
- Biometric na Impormasyon, gaya ng natatanging biological pattern, katangian, o iba pang natatanging pisikal o digital na representasyon ng biometric data, na ginagamit upang kilalanin ang isang partikular na indibidwal.
- Mga pagpapalagay na hango sa CCPA PI, gaya ng mga profile, mga gusto, katangian, pag-uugali ng indibidwal.

Kinolekta namin ang mga kategorya ng CCPA PI na nasa itaas para sa mga sumusunod na layunin:

- Pagsasagawa ng mga serbisyo sa ngalan ng negosyo, gaya ng serbisyo sa customer, pagpoproseso o pagtupad sa mga order, at pagpoproseso ng mga pagbabayad.
- Pag-audit sa mga transaksyon ng customer.
- Pag-iwas sa panlilinlang at pag-authenticate/pag-verify ng ID.
- Pag-debug ng mga error sa mga system.
- Marketing at advertising.
- Internal na pananaliksik, analytics at pag-develop - hal., analytics sa kagustuhan ng user.

- Pag-develop, pagpapana-tili, pagbibigay o pag-upgrade ng mga network, serbisyo o device.

Kinolekta namin ang mga kategorya ng CCPA PI na nasa itaas mula sa mga sumusunod na source:

- Mula mismo sa iyo - gaya ng impormasyon sa pakikipag-ugnayan at pagsingil at pakikipag-ugnayan sa serbisyo sa customer.
- Nabuo sa pamamagitan ng iyong paggamit ng aming mga serbisyo - gaya ng teknikal na impormasyon, impormasyon ng kagamitan, at impormasyon ng paggamit.
- Mga social media site at iba pang online platform.
- Iba pang kumpanya - gaya ng mga vendor, marketing firm, at iba pang kumpanya ng AT&T.
- Mga source na available sa publiko - gaya ng mga pampublikong talaan.

Impormasyong Ibinahagi Namin Tungkol Sa Mga Consumer

Sa nakalipas na taon, maaring naibahagi namin ang mga kategoryang ito ng CCPA PI sa mga provider na nagbibigay ng mga serbisyo para sa amin, tulad ng pagproseso ng iyong bill:

- Address at iba pang identifier - gaya ng pangalan, postal address, email address, pangalan ng account, o iba pang katulad na identifier.
- Mga natatangi at online na identifier - IP address, mga device ID, o iba pang katulad na identifier.
- Pangkomersyong impormasyon - gaya ng mga produkto o serbisyo ng binili, nakuha, o isinalang-alang, o iba pang kasaysayan o gawi sa pagbili o pagkonsumo.
- Impormasyon ng aktibidad sa internet o iba pang elektronikong network - gaya ng history sa pag-browse, kasaysayan ng

paghahanap, at impormasyon tungkol sa pakikipag-ugnayan ng isang indibidwal sa website, aplikasyon, o anunsyo sa internet.

- Footage ng Video (hal., CCTV); Mga Recording ng Audio.
- Impormasyon ng Lokasyon.
- Biometric na Impormasyon (basahin sa itaas)
- Mga pagpapalagay na hango sa CCPA PI, gaya ng mga profile, mga gusto, katangian, pag-uugali ng indibidwal.

Posibleng ibinahagi namin ang bawat isa sa mga kategorya ng CCPA PI sa itaas sa mga sumusunod na kategorya ng mga third party na nagsasagawa ng mga serbisyo sa ngalan namin:

- Paghahatid ng mga produkto at serbisyo.
- Mga serbisyo sa marketing.
- Storage sa Cloud.
- Pagpoproseso sa pagsingil at pagbabayad.
- Pag-iwas sa panlilinlang at mga entity sa pag-authenticate/pag-verify ng pagkakakilanlan.
- Analytics.

Malawak ang kahulugang ibinibigay ng CCPA sa "pagbebenta" at kabilang dito ang pagbabahagi ng CCPA PI para sa anumang may halaga. Ayon sa malawak na pagpapakahulugang ito, sa taon bago ang petsa ng paglalabas ng Patakarang ito, ang isang 'benta' ng mga sumusunod na kategorya ng CCPA PI ay maaaring nangyari:

- Mga natatangi at online na identifier - IP address, mga device ID, o iba pang katulad na identifier.
- Impormasyon ng aktibidad sa internet o iba pang elektronikong network - gaya ng history sa pag-browse, kasaysayan ng paghahanap, at impormasyon tungkol sa pakikipag-ugnayan ng isang indibidwal sa website, aplikasyon, o anunsyo sa internet.
- Mga pagpapalagay na hango sa CCPA PI, gaya ng mga profile, mga gusto, katangian, pag-uugali ng indibidwal.

Posibleng ibinenta namin ang bawat isa sa mga kategorya ng CCPA PI sa itaas sa mga sumusunod na kategorya ng third party:

- Mga provider ng analytics at pagsusukat.
- Mga kumpanyang may kalamayan sa marketing at advertising.
- Mga Affiliate.

Ang Iyong Karapatang Humiling Ng Paghahayag Ng Impormasyong Kinokolekta At Ibinabahagi Namin Tungkol Sa Iyo

Nakatuon kami sa pagtiyak na alam mo ang impormasyong kinokolekta namin. Maaari mong hilingin sa amin ang sumusunod na impormasyon:

- Ang mga kategorya at mga tiyak na parte ng iyong CCPA PI na nakolekta namin.
- Ang mga kategorya ng mga source kung saan kinolekta ang iyong CCPA PI.
- Ang mga layunin para sa pagkolekta o pagbebenta ng iyong CCPA PI.
- Ang mga kategorya ng mga third party kung saan namin ibinabahagi ang iyong CCPA PI.

Nakatuon din kami sa pagtiyak na alam mo kung anong impormasyon tungkol sa iyo ang ibinabahagi namin. Maaari kang magsumite ng kahilingan sa amin para sa sumusunod na karagdagang impormasyon:

- Ang mga kategorya ng CCPA PI na tungkol sa iyo na ibinenta namin, ang mga third party na pinagbentahan namin ng CCPA PI na iyon, at ang kategorya o mga kategorya ng CCPA PI na ibinenta sa bawat third party.
- Ang mga kategorya ng CCPA PI na ibinabahagi namin sa mga service provider na nagkakaloob ng mga serbisyo para sa amin, gaya ng pagproseso ng iyong bill; ang mga kategorya ng mga third party kung saan namin inihayag ang CCPA PI na iyon; at ang kategorya o mga kategorya ng CCPA PI na inihayag sa bawat third party.

Upang magamit ang iyong karapatan sa paghiling ng paghahayag ng iyong CCPA PI na kinolekta o ibinabahagi namin, bisitahin ang amin g [Mga FAQ sa CCPA](#) o makipag-ugnayan sa amin sa 844-246-1628. Karaniwang walang bayad ang mga kahilingan para sa paghahayag na ito.

Ang Iyong Karapatang Hilingin Ang Pag-delete ng CCPA PI

Sa iyong kahilingan, ide-delete namin ang CCPA PI na tungkol sa iyo na kinolekta namin, maliban sa mga sitwasyon kung saan kailangan namin ang impormasyong iyon upang: maibigay sa iyo ang bagay o serbisyong hiniling mo; isakatuparan ang kontrata sa pagitan natin; panatilihin ang functionality o seguridad sa aming mga system; sumunod sa o gamitin ang mga karapatang ipinagkaloob ng batas; o internal na gamitin ang impormasyon sa mga paraang naaayon sa konteksto kung saan mo ipinagkaloob ang impormasyon sa amin o sa makatwirang paraan ay naaayon sa iyong mga inaasahan batay sa iyong kaugnayan sa amin.

Upang magamit ang iyong karapatan sa paghiling sa pag-delete ng iyong CCPA PI, bisitahin ang aming [Mga FAQ sa CCPA](#) o makipag-ugnayan sa amin sa 844-246-1628. Karaniwang walang bayad ang mga kahilingan sa pag-delete ng iyong CCPA PI.

Ang Iyong Karapatang Hilingin Sa Aming Huwag Ibenta ang Iyong CCPA PI

Maaari mong sabihin sa amin sa anumang pagkakataon na huwag ibenta ang iyong CCPA PI sa pamamagitan ng pagbisita sa amin sa [/donotsell](#) o pakikipag-ugnayan sa amin sa 844-246-1628.

Sa oras na matanggap at mapatotohanan namin ang iyong kahilingan, hindi namin ibebenta ang iyong CCPA PI maliban kung sa kalaunan ay pahihintulutan mo kaming gawin ito. Maaari namin hilingin ang iyong pahintulot na muling simulan ang pagbebenta ng iyong CCPA PI sa ibang petsa, ngunit maghihintay kami ng hindi bababa sa 12 buwan bago gawin iyon.

ANG IYONG KARAPATAN NA TINGNAN ANG CCPA METRICS PARA SA NAUNANG TAON NG KALENDARYO

Maaari mong suriin ang impormasyon tungkol sa mga kahilingang CCPA data ng kompanya para sa naunang taon ng kalendaryo sa pamamagitan ng pagbisita sa page na [CCPA metrics](#).

Pag-verify sa Pagkakakilanlan - Mga Kahilingan sa Pag-access o Pag-delete

Account na Pinoprotektahan ng Password. Kung mayroon ka, o kwalipikado kang magkaroon ng isang account sa amin na pinoprotektahan ng password, maaari kang magsumite ng kahilingan sa pag-access o pag-delete sa pamamagitan ng pag-authenticate sa iyong sarili gamit ang isang password gaya ng karaniwan mong ginagawa upang ma-access ang account. Kakailanganin mong i-authenticate ulit ang iyong sarili upang ma-access ang data mo o makumpleto ang pag-delete.

Mga Dating Accountholder at Hindi Accountholder (wala Account na Pinoprotektahan ng Password). Kung wala kang account na pinoprotektahan ng password, hihilingin namin sa iyong i-verify ang iyong pagkakakilanlan gamit ang aming proseso sa pag-verify sa mobile. Sa prosesong ito, kukunan ng larawan ang iyong dokumentong nagpapakita ng pagkakakilanlan, gaya ng lisensya mo sa pagmamaneho, at ikukumpara ito sa isinumite mong larawan ng iyong sarili. Gagamitin lang namin ang impormasyong ito para i-verify ang iyong pagkakakilanlan. I-delete namin ito kapag natapos na ang panahong pinapayagan ng CCPA sa pagproseso at pagtugon sa iyong kahilingan. Kung hindi namin mave-verify ang iyong pagkakakilanlan, hindi kami makakatugon sa iyong kahilingan. Padadalhan ka namin ng abiso para ipaliwanag ito.

Mga Awtorisadong Ahente

Maaari kang magtalaga ng isang awtorisadong ahente na magsusumite ng mga kahilingan sa ngalan mo. Mangangailangan ang iyong ahente ng valid na power of attorney o nakasulat na pahintulot na nilagdaan mo. Kung aasa ang ahente sa nakasulat na pahintulot, kakailanganin namin i-verify ang pagkakakilanlan ng ahente. Posible rin kaming direktang makipag-ugnayan sa iyo para kumpirmahin ang pahintulot. Maaaring isumite ng iyong awtorisadong ahente ang mga kahilingan mo sa pamamagitan ng pagtawag sa amin sa 844-246-1628.

Okay Lang Sa Amin Kung Gagamitin Mo Ang Iyong Mga Karapatan sa Data

Nakatuon kami sa pagkakaloob sa iyo ng kontrol sa iyong CCPA PI. Kung

gagamitin mo ang alinman sa mga karapatang ito na ipinaliwanag sa seksyong itong Patakaran, hindi namin babawasan ang mga benepisyong nakukuha mo. Hindi ka tatanggihan o sisingilin ng iba't ibang presyo o mga singil para sa mga bagay o serbisyo o bibigyan ng ibang antas o kalidad ng mga bagay o serbisyo.

Mga Consumer Na Wala Pang 16 Na Taong Gulang

Simula sa petsa ng pagkakaroon ng bisa ng Patakarang ito, wala kaming nalalaman na nagbebenta kami ng CCPA PI ng mga consumer na wala pang 16 na taong gulang. Kung mangongolekta kami ng CCPA PI na alam nating mula sa isang batang wala pang 16 na taong gulang sa hinaharap, hindi namin ibebenta ang impormasyong iyon maliban kung makakatanggap kami ng pahintulot na gawin iyon. Kung ang isang bata ay nasa pagitan ng mga edad na 13 at 16 na taong gulang, maaaring magbigay ang batang iyon ng naturang pahintulot.

Ang sinumang customer na gustong humiling ng karagdagang impormasyon tungkol sa pagsunod namin sa mga kinakailangang ito, o kaya ay may mga tanong o alalahanin tungkol sa mga gawi at patakaran namin sa privacy, ay maaaring mag-email sa amin sa privacypolicy@cricketwireless.com, o sumulat sa amin sa Cricket Privacy Policy, 1025 Lenox Park Blvd. NE, Atlanta, GA 30319.

Impormasyon sa Network na Pagmamay-aring Customer (Customer Proprietary Network Information, CPNI)

Ang CPNI ay impormasyon tungkol sa iyong mga serbisyo sa telecommunications at VoIP (internet sa telepono) mula sa amin, kabilang ang kung sa aling mga plano ka naka-subscribe, paano mo ginagamit ang mga serbisyon ito, at mga detalye gaya ng kung sino ang mga natawagan mo. Hindi itinuturing na CPNI ang iyong numero ng telepono, pangalan, at address. Internal nating ginagamit ang CPNI at ibinabahagilang namin ito sa labas ng Cricket kapag sumusunod sa mga naaangkop na regulasyon at utos ng Federal Communications Commission.

Hindi kami nagbabahagi ng CPI sa sinuman sa labas ng mga affiliate ng Cricket na binanggit sa itaas, o sa amin ng mga awtorisadong ahente o vendor nang walang pahintulot mo, nang may sumusunod na awtorisadong pagbubukod: Mga utos ng hukuman; kung pinahintulutan ng batas; pagtukoy ng panloko;

upang ibigay ang iyong serbisyo at iruta ang mga tawag mo; para sa mga pagpapatakbo at seguridad ng network; pinagsama-samang (ipinangkat) impormasyon at impormasyong hindi nagbibigay ng personal mong pagkaka kilanlan.

Internal naming ginagamit ang CPNI mo. Maaari kaming magbahagi ng impormasyon tungkol sa mga customer namin sa mga affiliate ng Cricket at mga ahente namin upang mag-alok ng mga bago o pinagandang serbisyo o promosyon. Maaari din naming gamitin ang CPNI mo para sa layunin na gawin itong pinagsama-samang data o impormasyong hindi nagbibigay ng personal mong pagkaka kilanlan.

May karapatan ka at may tungkulin kami sa ilalim ng pederal na batas na protektahan ang pagkakumpidensyal ng CPNI mo.

Kung ayaw mong gamitin namin nang internal ang CPNI mo para sa mga bagay gaya ng mga alok, maaari kang [mag-opt-out](#). Maaari mong baguhin ang isip mo tungkol sa paggamit ng iyong CPNI at tanggihan o bawiin ang pag-access anumang oras.

Kung pipiliin mong paghigpitan ang paggamit namin ng iyong CPNI, hindi nito maaapektuhan ang kakayahan mong gamitin ang alinman sa iyong mga serbisyo. Kung paghihigpitan mo ang paggamit ng iyong CPNI, maaari ka pa ring makatanggap ng marketing mula sa amin, ngunit hindi ito ibabata sa paggamit ng CPNI mo.

Paano makipag-ugnayan sa amin tungkol sa Patakaranang ito

Makipag-ugnayan sa amin sa alinman sa mga address na ito para sa anumang tanong tungkol sa Patakaranang ito.

- Mag-email sa amin sa privacypolicy@cricketwireless.com.
- Sumulat sa amin sa Cricket Privacy Policy, 1025 Lenox Park Blvd. NE, Atlanta, GA 30319.

Para sa mga tanong na hindi nauugnay sa privacy [Makipag-ugnayan sa aming team ng Customer Service](#). Maaari mo ring [i-access ang iyong online na account](#) para sa mga karagdagang opsyon sa serbisyo.

Kung hindi ka nasisiyahan sa paglutas namin sa anumang hindi pagkakasundo,

kabilang ang mga alalahanin sa privacy o paggamit ng data, pakisuri ang paglalarawan ng aming mga pamamaraan sa pagresolba sa di-pagkakasundo sa <https://www.cricke wireless.com/legal-info/dispute-resolution-by-binding-arbitration.html>.

Mayroon ka ring opsyong maghain ng reklamo sa FTC Bureau of Consumer Protection, gamit ang isang [online na form](#), o sa pamamagitan ng pagtawag nang walang bayad sa 877.FTC.HELP ((877) 382.4357; TTY: (866) 653.4261). Maaari rin may iba pang karapatan at solusyon na magagamit alinsunod sa mga pederal na batas o iba pang umiiral na batas.